# Sinaunang Tao

---

**Pamantayan ng Pagkatuto**

| | |
|---|---|
| AP8HSK-Ie-4 | Nasusuri ang kondisyong heograpiko sa panahon ng mga unang tao sa daigdig |
| AP8HSK-Ie-5 | Naipaliliwanag ang uri ng pamumuhay ng mga unang tao sa daigdig |
| AP8HSK-If-6 | Nasusuri ang yugto ng pag-unlad ng kultura sa panahong prehistoriko |

**Sanggunian**: Kasaysayan ng Daigdig
**Pahina**: 40 - 44

---




Tayong mga tao ay nagdaan sa isang napakahabang pag-unlad nagsimula sa kumakain ng karne hanggang sa ngayon na kung anu-ano ng ginagawa sa pagkain para lang sumarap.

Sa leksyon na ito, ating matutunghayan ang mga posibilidad na pinagmulan ng tao base sa kung anong sinasabi ng siyensya.

Paano nga ba nasabi na tayong mga tao ay dito nagmula. Dito na papasok ang siyensya kung saan nakabase ito sa lohikal na ebidensya mula sa panahon kung saan ay wala pang nasusulat na kasaysayan na tinatawag na **prehistoriko o prehistory**.

Bago ang paglitaw ng kasalukuyang uri ng tao ay may isang species na may anyong hayop at tao na namuhay sa daigdig, ito ay tinawag na **hominid.** Ang ibigsabihin ng salitang hominid ay "hayop". Samantalang ang ibigsabihin naman ng **homo** ay tao.

**Homo Sapiens** – tawag sa species sa kasalukuyang uri ng tao

**Apat ng Uri ng Hominid**

1. Ramapithecus
2. Australopithecus africanus
3. Australopithecus robustus
4. Australopithecus afarensis (Lucy)

**Ramapithecus** - hinihinalang nginunguya niya ang kanyang pagkain tulad ng kasalukuyang tao, natagpuan ang labi nito sa kontinente ng Europe, Asia at Africa

**Australopithecus africanus** – malapit sa tao ang hitsura nito, natagpuan ang labi nito sa South Africa

**Australopithecus robustus** – may matipunong pangangatawan, may mahabang noo, mahabang mukha at maliit na panga. Natagpuan ang labi nito sa Olduvai Gorge, Tanzania

**Australopithecus afarensis** – tinatayang may 3-5 milyong taon na ang labi nito, natagpuan ang labi nito sa Afar, Ethiopia.

Ang mga sumusunod ay ang ibang uri ng species na may pagkakahawig sa tao:
**Homo habilis** – pinaniniwalang may kakayanang makagawa ng kagamitang gawa sa bato

**Homo erectus** – species na kilala na tuwid maglakad, nakakagawa rin sila ng kagamitang gawa sa bato, marunong gumamit ng apoy, mangaso at mangisda.

May dalawang uri ang homo erectus; Taong Java at Taong Peking.
**Taong Java** – natagpuan ang labi ng isang homo erectus ni Eugene Dubois sa Java, Indonesia. Sinasabing may taas itong 1.5 na metro, nakakalakad din ng tuwid at may utak na kasinglaki ng sa kasalukuyang tao.

**Taong Peking** – natagpuan ang bungo ng isang homo erectus na bansa Tsina ng isang arkeologong Tsino noong 1929. Katulad ng Taong Java ito ay may kaparehas na pagkakakilanlan maliban sa ang taas nito ay nasa limang talampakan lamang.

**Homo Sapiens** – ang species na ito ay nagmula sa homo habilis. Ayon sa pag-aaral, ang pangkat na ito ay may malaking utak, maliit na ngipin, malaking binti at higit na



nakakatayo ng tuwid kumpara sa ibang pangkat ng tao

**<u>Yugto ng Pag-unlad</u>**

**<u>Panahon ng Bato</u>**

**Paleolitiko/Paleolithic**
Sa tagalog ito ay kilala sa tawag na **Panahon ng Lumang Bato**. **Paleos** na ang ibigsabihin ay "luma" at **lithos** na ang ibigsabihin ay "bato"

Katangian ng mga tao sa Panahon ng Lumang Bato:

1. Natutuhan ng mga tao na gumamit ng apoy
2. Nabubuhay sa pamamagitan ng pangangaso at pangingisda
3. May kaalaman sa larangan ng sining tulad ng paglililok, pagpipinta at pag-ukit

**Mesolitiko/Mesolithic**
Sa tagalog ito ay kilala sa tawag na **Panahon ng Gitnang Bato**. **Mesos** na ang ibigsabihin ay "gitna" o "pagitan" at **lithos** na ang ibigsabihin ay "bato"

Katangian ng mga tao sa Panahon ng Gitnang Bato:

1. Sa yungib nakatira at walang permanenteng tahanan
2. May kaalaman sa pananampalataya
3. Nakalinang ng mga gamit mula sa balat ng hayop at mga hibla ng halaman

**Neolitiko/Neolithic**
Sa tagalog ito ay kilala sa tawag na **Panahon ng Bagong Bato**. **Neos** na ang ibigsabihin ay "bago" at **lithos** na ang ibigsabihin ay "bato"

Katangian ng mga tao sa Panahon ng Bagong Bato:

1. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pangangaso
2. Gumagamit ng microlith o maliliit at hugis geometric na bato ma nakalagay sa mga kahoy o buto
3. Nagsimula na maniwala sa mga mahika at pamahiin

**<u>Panahon ng Metal/Metal Age</u>**

Nagkaroon ng malaking pagbabago sa pagitan ng panahon ng bato papunta sa panahon ng bakal kung saan unti-unti nang napapaltan ng bakal ang bato pagdating sa mga kagamitan na kanilang ginagamit. Nahahati ito sa tatlong panahon.

1. Tanso
2. Bronse
3. Bakal

**Panahon ng Tanso**
Mga pangyayari at katangian sa panahon ng tanso:

1. Naging mabilis ang pag-unlad ng tao dahil sa tanso subalit patuloy pa rin ang paggamit ng kagamitang yari sa bato
2. Nagsimula ang paggamit ng tanso una sa ilang mga bansa sa ngayon sa kontinente ng Asya at sinundan una sa Egypt sa kontinente ng Aprika

**Panahon ng Bronse**
Mga pangyayari at katangian sa panahon ng bronse:

1. Nalaman ng mga tao noon na kapag pinaghalo ang tanso (copper) at lata (tin) ay nakakabuo ito ng metal na mas matigas at matibay kaysa sa tanso lamang, tinawag itong bronse
2. Sa panahong ito natuto na ang mga taong makipagkalakalan sa mga karatig-pook

**Panahon ng Bakal**
Mga pangyayari at katangian sa panahon ng bakal:

1. Ang bakal ay nadiskubre lamang noong mga 1500 BC ng mga Hittite, isang pangkat mula sa Indo-Europeo na naninirahan sa kanlurang Asya
2. Natutunan na ang pagpapanday ng bakal